Official Newsletter of the Municipality of Bayambang,March 2023 Issue, Vol.7 No.3

BAYAN NG BAYAMBANG
LALAWIGAN NG PANGASINAN
1614

# Balon Bayambang

"Mankakasakey para ed Inawa'y Baley"

GUINNESS WORLD RECORDS
RECORD HOLDER
The Tallest Bamboo Sculpture (Supported) 50.23M
April 5, 2019
St. Vincent Ferrer Prayer Park
Brgy. Bani, Bayambang
Pangasinan, Philippines
THE LONGEST BARBECUE
Bayambang, Pangasinan, Philippines
April 4, 2014





# Happy 409th Pistay Baley, Bayambang!

## "Isulong ang Ninanais na Kaunlaran"

**ni Errol John C. Andrade**

**Binalot ng dumadagundong na tugtugin at naguumapaw na kasiyahan ang lansangan sa bayan ng Bayambang sa mainit na pagsalubong ng mga Bayambangueño sa pagbubukas ng ika-409 na Pista'y Baley na may temang, "Isulong ang Ninanais na Kaunlaran" noong ika-27 ng Marso.**

(*sundan sa pahina 14*)





Editorial

# Pista'y Baley 2023: Kababaihan Naman




**Ang pagdiriwang ng ika-409 taon ng Pista'y Baley ay makasaysayan para sa isang kadahilanan: ito ang unang lubos na pagdiriwang ng kapistahan ng bayan matapos ang pagkasadlak ng lahat sa mga paghihigpit na dulot ng COVID-19 pandemic. Katulad ng "revenge travel" ng mga nakulong ng matagal sa bahay habang naka-quarantine, maaari itong ilarawan bilang "revenge festivity." Ngayong taon, tayo ay bumabangon muli upang humataw matapos ang tatlong mahahabang taon ng pagtigil ng mga kinagiliwang tradisyunal na aktibidad.**

Nagbabalik tayo na animo'y mga bagong laya mula sa hawla, dahil mas lalo pang ginawang engrande ang piyesta sapagkat ito ang unang pagdiriwang sa ilalim ng administrasyon nina Mayor Niña Jose-Quiambao at Vice-Mayor Ian Camille Sabangan, ang mga pinaka-unang babaeng Alkalde at Bise-Alkalde ng bayan at marahil ang siya ring mga pinakabata sa kasaysayan ng bayan.

May dalang bagong sigla at pag-asa ang Team Quiambao-Sabangan 2.0 para sa lahat ng Bayambangueño sa kapistahan ng bayan na singgarbo at singtingkad ng kulay ng mga kasuotan ng mga lumahok sa Grand Parade noong pambungad na araw ng fiesta. Dala-dala ang simbolo ng kagandahan ng mga kababaihang Bayambangueña, labing-walong kandidata ang nagbigay kulay sa entablado para makamit ang titulong Bb. Bayambang 2023.

Sa unang pagkakataon, niyanig ng sigawan ang Balon Bayambang Events Center dahil sa mga makikisig na boksingerong nakipagbakbakan sa "Kamao ng Bayambangueño" sa tulong ng ML Elorde Boxing Promotion.

Muli ring binuhay ang sigla ng mga batang Bayambangueño sa pagbabalik ng Search for Little Mr. and Ms. Bayambang na nagbigay-daan sa pagpapakilala sa mga talentadong tsikiting sa bayan.

Binigyang pag-asa ang mga nawalan ng trabaho sa pamamagitan ng Mega-Job Fair.

Pinarangalan ang mga natatanging Bayambangueñong nagpakilala sa pangalan ng bayan sa iba't ibang sektor sa ginanap na Matalunggaring Awards 2023.

Pinainit ang puso ng lahat sa gabi ng Kalutan ed Dalan Concert na dinaluhan ng mga malalaking personalidad sa larangan ng showbiz at performing arts.

Sa isang linggong selebrasyon ng Farmers' Week, itinampok ang mga produkto ng ating mga magsasaka, ipinagmamalaking bagong putahe gamit ang mga ito, at mga kagila-gilalas na alagang hayop.

Ang lahat ng mga aktibidad na ito ng Pista'y Baley ay pinangunahan ng dalawang natatanging ina ng bayan na talagang pinangatawanan ang tema ng kapistahan, ang "Isulong ang Ninanais na Kaunlaran," na siyang nagsasaad na tuluy-tuloy pa rin ang Rebolusyon Laban sa Kahirapan.

Ang makasaysayang pagbabagong ito sa ating bayan ay hindi nangyari nang biglaan: ito ay, sa katunayan, resulta ng dahan-dahang pagsulong ng mga kababaihan sa ibat-ibang larangan sa loob ng mahabang panahon. Ayon sa mga lokal na impormante, noong 1940s, si Sofia Martinez Ferrer ay nagtangkang tumakbo bilang municipal councilor, at ito ay sinundan marahil ni Teting Roldan noong 1950s, bagama't ang pinakaunang nanalo ay si Priscila de Vera noong 1970 – ang numero unong konsehal sa batang edad na 27 at sa panahong puro mga "Don" ang nagsisilbing pinuno ng bayan. Sa mismong taon ding iyon, si Norma Lomibao Cancino ng Brgy. Alinggan ang naging unang kapitan ng barangay noong siya ay 19 pa lamang. Nang maglaon, ang unang itinalagang babaeng pinuno ng departamento ng pamahalaang munisipalidad ay si Susan Menor ng Local Civil Registry Office noong dekada 1990, habang ang unang babaeng Municipal Administrator naman ay walang iba kundi si Atty. Rodelynn Rajini A. Sagarino (na dating Miss Bayambang) noong Hulyo 2016.

Higit pa rito, matatandaang mula sa Bayambang din galing ang mga kababaihang tulad nina Sr. Mary John Mananzan, na nagtatag ng Gabriela, bukod sa iba pang mga bagay, Carmen Velasquez, ang kilalang pambansang siyentipiko, at Luzviminda Camacho, ang unang babaeng Commodore ng Philippine Navy.

Ngunit ngayon lang nakarating ang mga lokal na kababaihan sa dalawang pinakamataas na posisyon sa gobyernong lokal. Kaya't ang kanilang panunungkulan ay parang simoy ng sariwang hangin at nagdudulot ng bagong pag-asa sa lahat. Sa Team Quimbao-Sabangan 2.0, inaasahan ang kaganapan ng kanilang platapormang "Kalusugan para sa Lahat, Edukasyon para sa Lahat, Trabaho para sa Lahat," ang pagpapatuloy ng nasimulan nang Rebolusyon Laban sa Kahirapan, sa kanilang sariling tatak ng panunungkulan bilang mga kababaihan.

Bagama't kababaihan, kanilang ipinapakita na ang paglilingkod sa bayan ay parang pamumuno rin sa loob ng tahanan. Sila ang nagbibigay tanglaw at buhay sa bawat isa sa pamamagitan ng hindi matatawarang pag-ibig at sakripisyo para sa kanilang minamahal na pamilya.

Sa kanilang sariling kaparaanan, nawa'y patuloy ang pagragasa ng pagpapala sa ating mamamayan. Nawa'y patuloy ang walang humpay na pagsulong at pag-angat ng buong bayan, kung saan walang sektor ang napagiiwanan.

Good Governance

# 13 Natatanging Bayambangueños, Kinilala sa 5th Matalunggaring Awards

**ni Kevin Bruce B. Santos**




**Pinarangalan ang labintatlong Bayambangueños bilang pagkilala sa kanilang natatanging kontribusyon sa iba't ibang larangan sa 5th Matalunggaring Awards na ginanap sa Bayambang Events Center, Marso 31.**

Nagningning sa red carpet ang mga ipinagmamalaking Bayambangueños sa pagpasok pa lang nila sa bulwagan, at bakas sa mga dumalo ang paghanga sa mga di-matatawarang kontribusyon ng mga pinarangalan nang isa-isa silang ipakilala bago tanggapin ang kanilang tropeyo sa kani-kanilang mga larangan.

Ang mga ipinagmamalaking Bayambangueño sa taong ito ay sina Dr. Liza L. Quimson sa larangan ng Edukasyon, Emiliano R. Santos Sr. sa Government Service, Prof. Januario M. Cuchapin sa Culture and Arts, si G. Gerenerio Q. Rosales sa Public Service, Atty. Onofre P. Guevarra sa Law, Guadalupe G. Zoller sa Community Service, Asteria Perez Wilhelm sa Humanitarian Service, Engr./Lt. Cdr. Rudolfo M. Ferrer sa Military Service, Commodore Luzviminda A. Camacho sa Military Service, BGen Jovencio F. Gonzales sa Military Service, Fr. Joseph M. Mananzan, SVD sa Spiritual Development, Dr. Hubert H. Fernandez sa Medicine & Healthcare, at Kenneth Mejia sa Banking and Finance.

Bawat awardee ay binigyan ng pagkakataong mailahad ang kanilang mga karanasang pinagdaanan at mga gawain kung saan bukas ang palad nilang iniaabot sa mga nangangailangang kababayan na siyang tunay na adhikain ng tema ng nasabing pagpili, ang "Baley Ko, Pawilen Ko, Aroen Ko tan Tulungan Ko."

Isa rin sa tampok na bahagi ng palatuntunan ay ang pagbibigay ng mensahe ni Alkalde Niña Jose-Quiambao, na ayon sa kanya, "The success of one is the success of all Bayambangueños."

Mainit na pagbati ang ipinaabot ni dating Mayor, Dr. Cezar T. Quiambao, sa mga pinarangalan sa taong ito. Sa kanyang talumpati ay ibinahagi niya ang mga hakbang na ginawa upang lalong maging espesyal ang pagkilala sa mga pararangalan.

Dumalo sa nasabing palatuntunan ang mga kinoronahang Binibining Bayambang 2023, Vice Mayor Ian Camille Sabangan at iba pang Sangguniang Bayan Members, Municipal Administrator, Atty. Rodelynn Rajini Sagarino-Vidad, Rotary Club of Bayambang, Selection Committee Members ng Matalunggaring 2023, Municipal Council for Culture and the Arts Chorale, Hermano Mayor, Dr. Nicolas O. Miguel, at Hermana Mayor, Dr. Myrna P. Miguel, Bayambang Municipal Police Station Color Guard, pinuno ng bawat departamento ng LGU, at iba pang mga inimbitahang panauhin upang maging bahagi at saksihan ang engrandeng pagpaparangal.



# Lokal at Dayong Streetdancers, Humataw sa Bayambang Pista'y Baley 2023

**ni Aaron Mangsat at Yumi Cruz**



**Umulan man o umaraw noong Marso 27, pinadagundong pa rin ang entablado sa Pangasinan State University (PSU) school grounds ng walong grupo sa nagdaang Street Dancing Presentation na parte sa rumaratsadang Pista'y Baley 2023.**

Mula sa init ng araw, nagsimula ang pasiklaban sa sayaw ng kultura ang walong grupo. Ang mga grupong ito ay ang mga nagwagi sa kani-kanilang mga bayan. Sila ang mga streetdancers ng Lingayen, Calasiao, Moncada Tarlac District III, San Carlos City, San Manuel, Pangasinan, at Moncada Tarlac. Kasama rin sa presentasyon ang Bayambang National High School (BNHS) at Bayambang LGBTQIA.

Buong galak na nasaksihan ng mga pinuno ng LGU ang lahat ng mga mananayaw sa pangunguna ni Mayor Nina Jose- Quiambao at ng dating Mayor, Dr. Cezar T. Quiambao, kasama sina 2023 Hermano at Hermana Mayor, Dr. Nicolas at Dr. Myrna Miguel, BMCCA Executive Director, Prof. Januario Cuchapin, at Municipal Tourism Officer, Dr. Rafael Saygo.

Nagalak at naaliw ding nanood ang mga municipal councilors na sina Kgwd. Philip Dumalanta, Benjamin Francisco De Vera, Jose Ramos, Amory Junio, Gerardo Flores, Martin Terrado II, at Levinson Uy. Nandoon rin sina Liga ng mga Barangay President Rodelito Bautista at Sangguniang Kabataan Federation President Gabriel Tristan Fernandez.

Nasurpresa naman ang mga Bayambangueño sa pagkanta ng Pangasinan Pride na si Renz Rabosa. Siya ay lumahok sa 'The Clash Season 3' ng GMA-7.

Unang nagpasiklab ang grupo na nagmula sa Lingayen na ipinakita ang kasaysayan ng ipinagmamalaking bagoong ng kanilang bayan, sumunod naman dito ang grupo mula sa Calasiao na ibinahagi ang katangi-tanging puto ng kanilang bayan.

Kahit pa man umulan, todo-hiyaw ang mga manonood sa pag-apak ng BNHS kung saan ipinamalas ang lokal na produkto tulad ng mais, sibuyas, at palay, kasabay ng kanilang pananampalataya kay San Vicente Ferrer.

Ipinagmalaki naman ng San Carlos streetdancers ang kanilang Mango-streetdancers ang kanilang Mango-Bamboo Festival.

Nagsaad naman ang mga kalahok ng kanilang saloobin patungkol sa ginanap na Streetdancing Presentation. Sa panig ng Moncada Tarlac na nagbahagi ng kanilang Kamote Festival, sinabi ng isa sa mga mananayaw na nananabik siya at kinakabahan sa presentasyon.

"Kami ay masaya ngunit may halong kaba sapagkat matapos ang pandemya, ngayon na lamang kami nakaranas muli ng ganitong event. Nagpapasalamat kami sa Mayora ng Bayambang, Mayora Niña Jose-Quiambao at pinaunlakan niyo kaming muli sa ganitong pangyayari," wika ng mananayaw.

Samantala, nagkaloob ng P50,000 cash na karagdagang bayad sa P150,000 ang butihing Mayor Nina Jose-Quiambao sa bawat grupo ng street dancers dahil sa sobrang galak at pasasalamat sa pagpapaganda ng unang araw ng Pista'y Baley 2023.

(Larawan nina Francklin Benedict S. Gomez, Daniel Louise C. Perez, John Orville P. Quinto, SVCSBI)

Kalutan ed Dalan

# "Asia's Phoenix," E-Heads Members, at Nobita, Pinaliyab ang "Kalutan ed Dalan Concert"

ni Errol John C. Andrade







**Libu-libong tao ang dumagsa upang makisaya at masaksihan ang nagbabagang performans ng mga inimbitahang panauhin kasama ng humigit-kumulang 200 ihawan na pinaningas sa "Kalutan ed Dalan Concert" na ginanap sa PSU grounds, ika-1 ng Abril.**

Nakabibinging hiyawan ang bumalot sa buong PSU grounds nang ipakilala ng mga host ng programa ang "Asia's Phoenix" na si Morissette Amon nang awitin niya ang ilan sa kanyang mga hit songs, at lalong nagtilian ang lahat nang bumaba siya sa entablalalo upang mas makalapit sa mga manonood kasabay ng kanyang todo birit na performans.

Isa rin sa inabangan ay ang sikat na bandang Nobita kung saan nakisabay ang mga manonood sa kanilang mga kanta lalo na ang awitin nilang "Ikaw Lang" na nagpakilig sa mga taong naroroon.

Idagdag pa ang bandang Ultracombo na kinabibilangan ng dalawang miyembro ng Eraserheads (Buddy Zabala at Raimund Marasigan) na nagpaindak at nagpaingay sa lugar dahil sa mga sikat nilang awitin kung saan nakikanta sa entablado si Mayor Niña Jose-Quiambao at iba pang mga panauhin.

Samantala, hindi rin nagpahuli ang mga tinaguriang Drag Queens na naghatid ng galak sa lahat dahil sa kanilang ipinakitang talento sa entablado sa pamamagitan ng pag-lypsync ng mga hits na kanta ng mga sikat na singers sa buong mundo at ang nakagigising na performans ng Ultra Combo.

Isa rin sa nag-alay ng di-matatawarang performans sa entablado ay ang mga miyembro ng Avant Music gayundin ang kilalang mga DJ na sina DJ Aryan, DJ Marc at MC Kappo.

Dumating din sa nasabing kasiyahan si Congresswoman Rachel "Baby" Arenas, Governor Ramon "Mon-Mon" Guico III upang personal na batiin ang mga Bayambangueño at makisaya sa Pista'y Baley 2023, at nagpaabot din si Senator Imee Marcos ng pagbati sa pamamagitan ng isang AVP.

Nakipagsaya rin sa nasabing okasyon sina former Mayor, Dr. Cezar T. Quiambao, at ang Sangguniang Bayan Members at iba pang mga kilalang personalidad.

Sa kabila ng pagdagsa ng maraming tao, ang PNP, POSO, at iba pang force multiplier ay nanatiling alerto para sa kaayusan at pagpapalawig ng seguridad sa lugar, gayundin ang mga miyembro ng MDRRMO at RHU na nanatiling alerto sa kaligtasan ng bawat isa.

Ang "Kalutan ed Dalan" ay inorganisa ni Local Civil Registrar Municipal Ismael Malicdem Jr., katuwang ang Tourism Office at sa suporta ng Kasama Kita sa Barangay Foundation at Niña Cares Foundation, sa layuning maiangat ang turismo, maghatid ng de-kalidad na serbisyo, at magpanatili ng pagkakabuklod-buklod ng lahat para sa kaunlaran ng bayan.

(Larawan: Reymark R. Bumatay, BNHS; Kassandra Clarise O. Cristobal, BNHS; Meil Mary C. delos Santos, BNHS; Xerxesh Gloria, LGU-PIO)



Education & Culture

# Rotary Club of Gangjin-Tamjin Visits its Global Grant Project by RCB Past President Leticia B. Ursua

**Rotary Club of Gangjin-Tamjin (RCGT) of South Korea, sister club of the Rotary Club of Bayambang (RCB) visited the 3-classroom project donated to Bascos Elementary School in Manambong Parte, Bayambang, Pangasinan. This Global Grant implemented by RCB, Cluster 2-C, District 3790 is under the sponsorship of the Rotary International Foundation and RCGT.**



The visiting Rotarians were met in front of the town's Municipal Hall by the host club. The itinerary included a motorcade led by the Local Government Unit's Public Safety Office force starting from Niñas Café leading to Bascos Elementary School. A very warm welcome was accorded the RCGT by the school, the PTA, and the Barangay Manambong Parte community. The school children and faculty waved flaglets of the Philippines and South Korea as a gesture of welcome as they cheered for the guests' arrival. A Dedication Ceremony was held in their honor where the school principal, Mrs. Lily Luz Corpuz and Barangay Captain Romeo F. Macaraeg gave their welcome messages. The Local Government Unit of Bayambang was represented by Mr. Rolando Gloria, the Executive Director of the Local School Board.

There was cutting of ribbon of the 3-classroom newly-completed Global Project and a recitation of the Dedication by all of the Rotarians. Speeches of appreciation came from the presidents of the two clubs. Likewise, 3790 District Governor Ann Lorenzana was represented by District International Partnership Chair Jojo Cuison of RC-Downtown Dagupan in this occasion.

Part of RCB's expression of appreciation was the lunch cum fellowship tendered for the visiting sister club at Niñas Café. The President of RCGT, in his response, generously announced a 1000 dollar gift that will be used to purchase two units of 43-inch SMART television set, one wall fan, box of school supplies and deworming tablets for Bascos Elementary School. The Renewal of Sisterhood Agreement was signed by the President of both clubs, President Maribell Perreras of RCB, District 3790 and President Choi Je-Young of RCGT, District 3610.

# BMCCA Arts Booth









**The Bayambang Municipal Council for Culture and the Arts staged an open-theme exhibit for local visual artists as part of the booths set up for the week-long Pista'y Baley 2023 celebration at PSU grounds.**

(Photo: Reymark R. Bumatay, BNHS)

Livelihood & Employment

# Bayambang, DSWD Regional GAPAS Awardee Muli!

**Muling iginawad ng DSWD Region I sa bayan ng Bayambang ang GAPAS Award (o Gawad sa Paglilingkod sa Sambayanan Award) para sa kategoryang "LGU Implementing an Outstanding Sustainable Livelihood Program Microenterprise Development Model."**




Tinanggap ni Municipal Administrator, Atty. Rodelynn Rajini S. Vidad, ang parangal sa ngalan ni Mayor Niña Jose-Quiambao sa seremonyang ginanap noong Marso 9, 2023, sa Hotel Ariana, Bauang, La Union.

Ayon kay Atty. Vidad, limang munisipalidad lamang sa Rehiyon I ang nagawaran ng naturang parangal, at ang apat ay ang Alaminos, Pangasinan; Rosario, La Union; Dingras, Ilocos Norte; at Sugpon, Ilocos Sur.

Ang Bayambang ay dati nang provincial, regional, at national recipient ng naturang parangal, na kumikilala sa sistematikong suporta na ibinibigay ng LGU sa mga livelihood programs ng DSWD (na tinaguriang SLP) para sa mga 4Ps members at mahihirap na non-4Ps members, sa pagtutulungan ng DSWD-RO1, MSWDO, Bayambang Poverty Reduction Action Plan, at suporta ng Kasama Kita sa Barangay Foundation at Niña Cares Foundation ng pamilyang Jose-Quiambao.

# ICT Office, Waging Muli sa DICT Digital Governance Awards



**Muling nagwagi ang ICT Office ng recognition sa Digital Awards ng Department of Information and Communication Technology na ginanap sa National Museum of Natural History, Manila noong March 30.**

Nasungkit ng ICTO sa ilalim ni ICT Officer Ricky Bulalakaw ang 2nd Place sa Government Internal Operations - Municipal Level para sa implementasyon nito ng document tracking system sa buong LGU.

Sa pamamagitan ng document tracking, madali nang matrace kung natanggap o hindi ng isang opisina ang isang dokumento at kailan. Naiiwasan sa tracking ang pagkawala ng mga dokumento at pagkantala ng mga aktibidad o proyekto nang dahil sa nawawalang papel at balakid sa maayos na komunikasyon sa pagitan ng iba't-ibang departamento ng Munisipyo.

# Mega-Job Fair, Hakbang Kontra Kahirapan

**nina Vernice Calaunan at Ryza Cayabyab (SVCSBI)**

**Dinagsa ng daan-daang aplikante ang Mega-Job Fair na isinagawa ng Municipal Public Employment Services Office kasabay ng pagdiriwang ng Pista'y Baley 2023 sa Pavilion I, St. Vincent Prayer Park, Brgy. Bani noong ika-31 ng Marso.**

Sa maikling programa bago sinimulan ang Mega-Job Fair, nagbigay ng pambungad na pananalita si OIC MESO Gernalyn J. Santos, at ito ay sinundan ng inspirasyunal na mensahe nina Municipal Administrator, Atty. Rodelynn Rajini S. Vidad, at Municipal Councilor Martin E. Terrado II. Nagbigay naman ng orientation si DOLE representative Lizlee Puzon ukol sa nasabing aktibidad.

Inimbitahan ng lokal na pamahalaan ang 25 na lokal na kompanya at tatlong domestik na kompanya upang mag-alok ng trabaho sa mga Bayambangueño at mga taga-karatig-bayan.

Kabilang sa mga naging kalahok na lokal na kompanya ang CSFirst Green Agri Industrial Development Inc, Staff Search Asia Service Cooperative, JKQ Medical & Wellness Center, Incorporated, VXI Global Holdings (Clark), Add Even Manpower Resources & Solutions Incorporated, ACABAR Marketing International Incorporated, 1Food Corporation, Tarlac A+ Lending Co. Incorporated, Clean Edge Manpower Solution, RPR Promotion,1 Premiere Land Marketing Company/Centro Verde Bayambang, 1ST MEGASAVER, ARC Refreshments Corporation, FILINVEST Land Incorporated, Sumi North-Philippines Wiring Systems Corporation, SM Hypermart, J.G Manpower Services, Yokohama Tire Philippines, Incorporated, One Source General Solutions Incorporated, PANDAYAN Bookshop, ADDESSA, Foundever (SITEL Philippines), GAC Distribution Center Corporation, Nuebe Service Cooperative, at Topwill Marketing Dept. Inc. (Savewise Supermarket). Samantala, ang lumahok naman na overseas na kompanya ay ang Eyequest International Manpower Services Incorporated, EMR Construction & Manpower Services, Incorporated, at Lau` Mel International Staffing Services Incorporated.

Ang naturang Mega-Job Fair ay nagkaroon ng 391 job applicants, kung saan 287 sa kanila ay pasado, 69 ang near hire, at 35 naman ang na-hire on-the-spot.

Kasabay nito, nakatanggap ang isang magsasakam mula sa Brgy. Mangayao na si Richard Ursua ng isang water pump bilang livelihood assistance grant mula sa DOLE Regional Office No. 1 Central Pangasinan Field Office.

(Larawan: Francklin Gomez, SVCSBI; Jayvee Baltazar, LGU-PIO; John Marc Flores, LGU-PESO)



# Sandra de Luna ng Brgy. Bical Norte, Kinoronahan bilang Bb. Bayambang 2023 nina Errol John C. Andrade at Jamaica R. Gulapa (BNHS)



**Pinagningning ng labingwalong naggagandahang kandidata ng Binibining Bayambang 2023 ang Balon Bayambang Events Center sa inabangang Grand Coronation Night noong ika-29 ng Marso.**

Libu-libong manonood ang naging saksi kung papaano ipinamalas ng bawat kandidata ang taglay na kagandahan at angking katalinuhan upang tanghaling Bb. Bayambang 2023.

Sa unang paglabas pa lang ng mga binibini suot ang kanilang mga magagarbong Creative Costumes na iniakma sa mga kilalang produkto ng Bayambang ay mainit na sinabayan ng nakabibinging hiyawan ng mga manonood.

Sa ipinamalas na kiya, tindig at mabusising disenyo ay nakuha ni Bb. #17, Louisse Lane Francisco, ang Best in Creative Costume gayundin ang minor awards na Bb. Nikki Redefine Beuaty at Bb. Urit Kalikasan.

Samantala, lalo pang uminit ang gabi at lalong humanga ang lahat nang muling rumampa ang mga binibini suot ang kanilang swimsuit na nagpakita ng naggagandahang kurba ng kanilang mga katawan. Nangibabaw sa lahat si Bb. #10, Letisha Velasco, na itinanghal bilang Best in Swimsuit.

Inabangan din ng lahat ang panghaharana sa mga naggagandahang kandidata ng binansagang "Pambansang Ginoo" na si David Licauco habang suot ang kanilang mga long gown kung saan hinangaan ng mga manonood ang kahali-halinang tindig ng bawat kandidata.

Agad namang sinundan ito ng pag-anunsyo ng mga magagaling na host na sina Dr. Rafael Saygo, Bb. Bayambang 2019 Gabrielle Reloza at Bb. Bayambang 2022 Jan Rlee de Guzman ang top 10 finalists na sumabak sa question-and-answer na kung saan mula rito ay pinili ang 5 Finalists.

Ang napiling Top 5 ay nagpagalingan sa pagsagot kakambal ang di-matatawarang poise habang ang lahat ay matamang nakinig sa bawat kandidata.

Sa huli, kinoronahan bilang Bb. Bayambang 2023 si Sandra de Luna ng Bical Norte na nakatanggap ng tumataginting na P250, 000, kung saan ang P100,000 ay mapupunta sa kanyang napiling charity at P50,000 para naman sa kanyang barangay, P100,000 insurance coverage mula sa Eridanus Avelino, at 18K diamond gold necklace mula sa Tessera.

Si Bb. #12, Aliya Macmod, ng Zone 2 ang itinanghal na Bb. Bayambang Tourism na nakatanggap ng P50,000 mula sa Urit Kalikasan Foundation na P10,000 at itinanghal rin na Miss Congeniality, Miss AILC, Miss Red Cross, at Texter's Choice.

Ang pambato naman ng Brgy. Telbang na Si Chzaira Pagsolingan ang nagkamit ng titulong Bb. Bayambang Charity.

Inuwi naman nina Bb. Buenlag 2nd Precious Angel Ercilla na itinanghal na 1st Runner-Up ang Miss Photogenic award at Bb. Magsaysay Letisha Velasco na 2nd Runner-Up ang Best in Long Gown at Miss Perfect Smile award.

Kabilang sa mga respetadong lupon ng inampalan sina Niño Elijan Gaddi, Enchiong Cambay, Architect Jerry Suratos, Vince Chincuanco, Raymond Villanueva, Carl Fider at Michelle Pizarro Jose.

Ang nasabing patimpalak sa kagandahan ay naglayon ding ipakilala ang mga Bayambangueña sa pakikibahagi sa pagsusulong ng kaunlaran na nakahandang mag-alok ng serbisyo sa bayan ng Bayambang at pagpapahalaga't pagmamalasakit sa makabuluhang gampanin na siya ring layunin ng pamumuno ni Mayor Niña Jose-Quiambao, katuwang ang Sangguniang Bayan sa pangunguna ni Vice-Mayor Ian Camille Sabangan.

(Larawan: Xerxesh Gloria - LGU-PIO; Reymark Bumatay, Glemon Abrenica, Carl John Junio - BNHS)

# Mga Bibong Chikiting, Bumida sa Little Mr. and Ms. Bayambang 2023

**ni Rouldan Manzano**




**Mga munting tinig na may munting pangarap ang nagpakitang gilas at nagpasiklaban para sa titulong Little Mr. and Ms. Bayambang 2023 noong Abril 1 sa Balon Bayambang Events Center.**

Kinabibilangan ng tatlumpong bibong batang Bayambangueño ang nagpatal-bugan at rumampa sa entablado para masungkit ang titulong inaasam-asam.

Kasabay ng mainit na panahon sa labas ay siya ring init ng kompetisyon sa loob ng venue. Nakabibinging hiyawan at ingay mula sa mga tunog ng tambol at torotot ang umalingawngaw sa lugar. Bawat barangay na kalahok sa nasabing patimpalak ay kapwa ayaw patinag at todong suporta para sa kanilang mga pambato.

Umugong sa loob ng Events Center nang magrampa na ang bawat kalahok sa kanilang intermission number. Lahat ay nagpakitang gilas sa pagpapakilala sa kanilang sarili. Naaliw at natuwa ang mga manonood sa kanilang bukod-tanging pagpapakilala na naging dahilan upang lalo pang umingay sa lugar.

Nagpasiklaban ang mga bata sa kanilang sportswear at pormal na kasuotan na inirampa sa ikatlong bahagi ng patimpalak. Makalaglag-panga ang naging pagrampa dahil sa kanilang mga magarang kasuotan na lalo pang nagpaningning sa bawat isa.

Nasubukan din ang talino ng mga bata sa pagsagot ng mga katanungan sa question-and-answer portion. Lahat ng kalahok ay magiliw na sumagot sa mga tanong na ibinigay ng mga emcee na sina Bb. Bayambang 2022 Jan Rlee de Guzman at Sangguniang Kabataan staff Sergio delos Santos. Makapigil-hininga ang naging kompetisyon para sa korona.



Sa huli ay itinanghal na Little Mr. Bayambang 2023 si Sven Alchemist ng Brgy. Bacnono at Little Ms. Bayambang 2023 si Jelyana Mhae ng Brgy. Bical Sur na kapwa tumanggap ng halagang P50,000.

Ang ibang nagsipagwagi naman ay sina Vladimir Isaiah Pulido (M.H. Del Pilar), 1st Runner-up; Aoi Rose Tahanlangit (Malimpec), 1st Runner-up; Raiden Josiah Chico (Mangayao), 2nd Runner-up; at Brilliant Diamond Tulagan (Magsaysay), 2nd Runner-up.

Pinasinayaan ni Atty. Rodelynn Rajini Sagaro-Vidad, Municipal Administrator, ang programa sa kanyang pambungad na pananalita. Nabanggit niyang "ang kabataan ang pag-asa ng bayan," sa paniniwalang ang mga batang Bayambangueño ang magtataguyod ng kaunlaran ng bayan sa susunod na henerasyon.

Napakasayang pagmasdan na sa kanilang murang kaisipan ay nahuhubog na sila upang masanay sa pagharap sa madla at ipakita ang galing, talino at talento ng mga batang Bayambangueño.

(Larawan: Reymark R. Bumatay, BNHS; Xerxesh Gloria, LGU-PIO)

Agriculture

# Lokal na Agrikultura, Bumida sa Agri-Aqua Fair Caravan

ni Mark Angelo C. Gomez (BNHS)






**Kasabay sa pagbubukas ng ika-409 Pista'y Baley 2023 sa bayan ng Bayambang ay ang Agri-Aqua Fair Caravan na dinaluhan ng iba't ibang grupo ng magsasaka at negosyong may kinalaman sa sektor ng agrikultura.**

Pinasinayaan ang naturang programa ni Vice-Mayor Ian Camille Sabangan kung saan nagbigay siya ng maikli ngunit makabuluhang mensahe para sa mga local farmers at agri-entrepreneurs.

Kasunod nito ay ang isinagawang ribbon cutting na pinangunahan pa rin ni Vice-Mayor Sabangan at ng kinatawan ng E-Agro Corporation at Xanadu Agri Products Inc.

Tampok sa naturang programa ang iba't ibang produkto, gaya ng mga pagkaing alternatibo at masustansya tulad ng tinapa shawarma, mushroom polvoron, mushroom chips at siomai, avocado ice cream, kalabasa ice candy, okra at kalabasa chips, tomato salsa, mga inuming galing sa mga halaman na dumaan sa natural na proseso gaya ng oregano at miracle fruit.

Dagdag pa rito ang ilang mga agricultural product tulad ng hybrid rice seeds, pesticides, black rice, at red rice. Lahat ng iyan ay makikita at mabibili sa PSU Grounds Agri-Aqua Fair Caravan simula ika-27 ng Marso hanggang ika-2 ng Abril 2023.

Layunin ng aktibidad na ito na ipakilala ng mga local farmers at entrepreneurs ang kanilang mga produkto upang maging pamilyar ang mga mamimili sa mga gawang lokal at tangkilin ang mga ito.

Bukod pa rito, sakaling lumawak ang merkado ng kanilang mga produkto ay magbubunga rin ito sa pagdami ng oportunidad na makapagtrabaho ang mga kapwa Bayambangueño. Ito rin ay makatutulong upang mas lalong mapalago at maiangat ang ekonomiya ng bayan ng Bayambang.

Photo credit: Kassandra Clarise O. Cristobal

# "Pinamagandang Hayop sa Balat ng Lupa," Kinilala

ni Aaron Mangsat at Cris Viernes (SVCSBI)

**Maging mga alagang hayop sa sakahan ay naging bida rin sa ginanap na patimpalak na "Pinamagandang Hayop sa Balat ng Lupa," bilang parte ng Farmers' Week sa kapistahan ng Bayambang, at ito ay ginanap sa Pangasinan State University (PSU) Bayambang Campus grounds noong Marso 31.**



Para rito, naglibot sa mga barangay ang Municipal Agriculture Office upang timbangin ang mga alagang hayop na pambato ng iba't-ibang magsasaka. Kabilang dito ang mga baka, kambing, at manok.

Nagwagi si Herminio Manangan sa kategorya ng may pinakamalaking baka na may timbang na 864.86 kilo, Antonio Cariño para sa may pinakamalaking kambing na may timbang na 65.78 kg, at Marcelino Esteban naman para sa pinakamabigat na manok na may 4.5 kg na timbang.

Tumanggap ang mga nagwaging kalahok ng tig-P5,000 cash prize at ang mga 'di pinalad ng consolation prize na tig-P2,000.

Kasabay ng farm animal search sa agri fair na ito, umarangkada rin ang Kaagapay Biosecurity Seminar ng UNAHCO Business Enterprises, kung saan itinampok ang mga kaalaman tungkol sa wastong pag-aalaga ng baboy, manok, baka at iba pa. Nagkaroon din ng palaro na kinabibilangan ng Quiz Bee, Hep-Hep Hooray, at paghuli ng biik. Ang mga nagwagi ay nakatanggap ng papremyong damit tulad ng long-sleeve t-shirt, towel na galing sa Feedmix, at ang biik na nagmula sa UNAHCO.

Sa huli, nakamit ni Edmar Bautista ang biik sa palaro ng paghuli ng biik, na kanyang binabalak palakihin at palaguin.

(Larawan: Francklin Gomez, SVCSBI; Alvin Solomon, LGU-MAO)

# Lutong Bayambangueño, Ipinasikat sa Pataway Cookfest

**ni Vernice Mae Calaunan at Pauline Ryza Cayabyab (SVCSBI)**




**Hindi nagpahuli ang Pataway Cook Festival na may siyam na grupong kalahok galing sa iba't-ibang bahagi ng Bayambang bilang bahagi ng pagdiriwang ng Farmer's Week sa Pangasinan State University (PSU) Bayambang Campus grounds noong Marso 29.**

Bahagi na ng kulturang Bayambangueño ang magluto at mag-imbento o tumuklas ng iba't ibang putahe na siguradong patok sa hapag-kainan.

Pinangungunahan ang programa ng pambungad na pananalita ni Ms. Zyra N. Orpiano, OIC-MAO, at sinundan naman ito ng inspirasyunal na mensahe ni Associate Professor Veronica T. Austria ng PSU Food Innovation Center.

Ag lupon ng inampalan ay kinabilangan nina Ms. Monica May B. Varilla, Mr. Felcris Z. Dy, Municipal Nutritionist Venus M. Bueno, Councilor Amory Junio, at MENRO Joseph Anthony F. Quinto.

Ang siyam na kalahok na kabilang sa kompetisyon ay kinabibilangan ng Brgy. Carungay, Quezon Blvd., Zone 3, Apalen, Buenlag 1st, Buenlag 2nd, Warding, Nalsian, at Inirangan.

Ipinagkaloob ng Municipal Agriculture Office (MAO) ang 9 portable gas stoves na inilaan para sa kanilang pagluluto. Katulad ng sa hit TV show na "Master Chef," ang MAO rin ang nagbigay ng 9 mystery boxes para sa mga sangkap at isda na kanilang gagamitin sa pagluluto.

Tinanghal na 1st place sina Jovita B. Elorza at Raymund Pagsolingan ng Quezon Blvd. na may average score na 90.00 dahil ang kanilang luto ang lumabas na pinakamasarap, pinakamalinamnam, at kakaibang luto sa lahat: ang buro with rolled petchay at deboned hito curry with coated mushroom na may kapares na garlic rice.

Nagwagi sa 2nd place ang Buenlag 2nd na sina Mr. Allan de Vera at Ms. Mercedita Mejia na may average score na 79.80, at 3rd place naman ang mga taga-Warding na sina Ms. Realyn Esteban, Ms. Sally Esteban, at Ms. Nieves Joaquin na may average score na 79.00.

Ibinase ng mga hurado ang mga score sa sumusunod na criteria: 30% para sa taste and nutritional value, 30% para sa originality and creativity, 30% para sa relevance to the Bayambang OTOP concept, at 10% naman para sa overall presentation.

Samantala, ang naturang premyo ng mga kalahok ay P30,000 para sa 1st prize, P20,000 para sa 2nd prize, P10,000 para sa 3rd prize, at P2,500 consolation prize para sa mga di pinalad na kalahok.

(Larawan: Francklin Benedict S. Gomez (SVCSBI); Jayvee Baltazar; LGU-PIO)

# Farmer's Week: 'Pinaka-' Contest, Inilunsad sa Bayambang Pista'y Baley

**ni Pauline Cayabyab at Vernice Calaunan (SVCSBI)**

**Ang pagdaos ng Municipal Agriculture Office ng "Pinaka-" Contest ay ikinatuwa ng lahat, bilang parte ng pagdiriwang ng Farmer's Week sa Pista'y Baley 2023 mula Marso 27 hanggang Abril 1 sa Pangasinan State University (PSU) grounds.**

Pinangunahan ang programa ng pambungad na pananalita ni Bayambang Farmers' Federation President Resie M. Castillo, kasunod ng presentasyon ukol sa mga programa ng Philippine Crop Insurance Corp. (PCIC) ni Mrs. Marivic Amiscua. Pagkatapos nito, nagkaroon ng mini-quiz bee patungkol sa iba't-ibang programa ng PCIC na may papremyong damit para sa mga nanalo.

Naging hurado sa iba't-ibang kategorya ng mga 'Pinaka-' sina Mr. Joven Zamora, Ms. Loraine DG. Jose, at Mr. Willie D. Feliciano.

Mayroong dalawang kategorya na sinalihan ang mga manlalahok – Onion Category at Corn Category. Kasama sa Onion Category ang kompetisyon ng pinakamalaki at pinakamabigat na sibuyas at pinakamabilis magbalat at maggayat ng sibuyas. Kabilang naman ang pinakamabigat na butil, pinakamabilis mag-dekernel, at pinakamabilis magbalat ng mais sa Corn Category.

Lumahok ang walong farming districts sa dalawang nasabing kategorya ng sibuyas at mais. Dito nakita ang pinakamamahal at pinakamalaki na produkto ng mga magsasaka.

Dalawang beses nagwagi ang District 7 sa pinakamabigat na sibuyas, kung saan may timbang na 2.9 kilos ang 20 sibuyas, at sa pinakamalaking sibuyas, na may sukat na 25.4 cm. Hindi rin nagpahuli ang District 4, na nanalo sa kategoryang pinakamabigat na mais, kung saan may timbang na 2 kilos ang limang piraso ng kanilang mais. Umarangkada rin ang District 2 sa kategoryang pinakamabilis mag-dekernel na ikinatuwa ng mga manonood, at District 1 sa mabilis na pagbabalat ng 150 mais sa loob ng walong minuto.

Nagbigay ng salitang pangwakas si Bb. Jessica Guico na kumatawan kay Cong. Rachel "Baby" Arenas patungkol sa pasasalamat sa mga sakripsyo na ginawa ng mga magsasaka. Aniya, "Kahit kalugi-lugi na, susulong at susulong pa rin" ang mga lokal na magsasaka.

Katumbas nito, namahagi sila sa mga lumahok ng bente na knapsack sprayer na kanilang magagamit sa pagsasaka.

(Larawan ni: John Orville P. Quinto, SVCSBI)



Agriculture

# Pati Mga Alagang Aso, Rumampa Rin

**ni Pauline Ryza R. Cayabyab at Vernice Mae P. Calaunan (SVCSBI}**

**Nagpasiklaban ang mga alagang aso sa isang Dog Show na inorganisa ng Agriculture Office sa Pangasinan State University (PSU)-Bayambang grounds noong Marso 30, bilang bahagi ng pagdiriwang ng Farmer's Week.**

Dahil ang buwan ng Marso ay nagkataong Rabies Awareness Month, nagkakaroon din ng libreng pagbabakuna para sa mga alagang aso.

Mayroong 16 na kalahok sa naturang paligsahan at ang mga ito ay nagtagisan sa dalawang kategorya, ang small breed at large breed.

Naglaban ang pitong aso sa small breed category at siyam naman na aso para sa large breed category.

Itinanghal na grand winner si Floyd, 2nd place si Susie, at 3rd place naman si Hachi para sa Large Breed. Sa kabilang dako, nanalo naman bilang grand winner si Vasha, 2nd place si JahJah, at 3rd place si Jayce para naman sa kategoryang Small Breed. Nabigyan din ng special award si Julia na Bubble Bath's Choice at si Pringles naman na YumYum's Choice.



Naging hurado sina Mr. Arvel Tutop, Mr. Nestor "Jun" dela Cruz Jr., Mr. Klauster D. Macaraeg, Dr. Arcely G. Robeniol, Mr. Ryan M. Aguilar, at Mr. Junere O. Pidloaon. Ang criteria for judging ay nahati sa 50% para sa overall notable impression of pet, 30% para sa creativity and design of the costume, 10% stage presence, at 10% para sa audience impact.

(Larawan: Raiza Mae J. Cacal, LGU-MAO; Francklin Benedict S. Gomez, Daniel Louise C. Perez, & John Orville P. Quinto, SVCSBI)

# Mga Masining na Likha, Tampok sa Agri Poster-Making Contest

**ni Jamaica R. Gulapa (BNHS)**



**Bitbit ng mga kabataang Bayam- bangeño ang isang hamong sumubok sa kanilang pagiging malikhain sa isinagawang Poster-Making Contest bilang bahagi ng Farmers' Week Celebration na ginanap sa PSU Bayambang-Campus, Abril 1, sa pangunguna ng Municipal Agriculture Office katuwang ang UNAHCO.**

Ang nasabing patimpalak, na may temang "Bayambang, Isulong ang Ninanais na Kaunlaran," ay nilahukan ng mga mag-aaral sa Sekundarya at Elementarya sa bayan at tinasa ang kanilang galing sa mga inilatag na panuntunan sa pagpili na kinabibilangan ng Originality 50%, Creativity 20%, Visual Impact 30%, at Relevance to the Theme na 30%.

Binigyan ang mga kalahok ng takdang oras upang tapusin ang kani-kanilang likhang sining, at matamang naghintay ang mga hurado na sina agripreneur Ralph Mar Pinzon, Bayambang Polytechnic College instructor Albert Maiquez, at Municipal Livelihood Consultant Artemio Buezon ng dalawa at kalahating oras.

Ayon kay OIC Municipal Agriculturist Zyra Orpiano, layunin ng patimpalak na hikayatin ang mga Bayambangueño lalung-lalo na ang mga kabataan na imulat ang murang isipan na yakapin at tangkilin ang mga produktong pang-agrikultura na ipinagmamalaki ng bayan ng Bayambang na siyang magbubukas ng maganda at luntiang daan para sa kinabukasan.

Kaugnay nito, ang obra ni Krish Irie de Vera ang itinanghal na kampeon at nag-uwi ng P10,000, Michaella Viray ang nakasungkit ng ikalawang puwesto na tumanggap naman ng P8,000, at si Vincent Aron Carganilla na nag-uwi ng P7,000 bilang pangatlo sa antas Sekundarya.

Hindi rin nagpatinag ang mga kalahok sa Elementarya na sina Athalia Nicole Lopez na nag-uwi ng Unang Gantimpala kalakip ang P7,000, sa Ikalawang Gantimpala naman ay si Siehann Alexa Ballesteros na tumanggap ng P5,000, at ang Ikatlong Gantimpala naman ay si Aronne Delle de Vera na tumanggap naman ng P3,000.

Tunay ngang ang angking galing at talento ng mga kabataang Bayambangueño ay hindi lang masisilayan sa apat na sulok ng silid-aralan, kundi gayundin sa mas malawak pang larangan.

(Larawan: Reymark R. Bumatay, BNHS; Kassandra Clarise O. Cristobal, BNHS; Jordan B. Junio, LGU-MAO)

Social Services

# Panibagong Bugso ng DSWD Livelihood Project



**Noong March 14, nagsimulang magsagawa ang DSWD-RO1 at Municipal Social Welfare and Development Office katuwang ang Bayambang Poverty Reduction Action Team at Agriculture Office ng isang orientation activity sa barangay para sa mga miyembro ng 4Ps na malapit nang magsipagtapos para mabigyan ng pagkakataon na mapili bilang benepisyaryo para sa isang Sustainable Livelihood Program ng DSWD.**

Sila ay nagtungo sa Sanlibo, isa sa napiling tatlong priority barangay (Sanlibo, Hermoza, at Tanolong) upang hanapin ang 250 na qualified na benepisyaryo.

Ayon sa datos na nakalap ng DSWD-RO1, ang mga barangay na ito ay nakahanay sa mga poorest barangay sa Bayambang.

# Mga Reservists, Nag-tree Planting sa River Cruise Site

**Nagsanib pwersa ang mga barangay official ng Amancosiling Norte at ang Alpha Company ng 104th Reserve Battalion ng Philippine Army sa ilalim ng kanilang Company Commander, Coun. Amory Junio, at Battalion Commander, Ret.Col. Leonardo Solomon, para sa isang Tree Planting Activity na ginanap noong ika-7 ng Marso sa may dike sa Amancosiling Norte.**

Umabot sa 85 punla ng iba't-ibang fruit-bearing trees ang naitanim ng grupo sa naturang barangay, at inaasahang magiging kapakipakinabang ang mga ito sa bagong tourist attraction doon na itinatag ng Bayambang Millennial Innovators, ang Bayambang River Cruise.



Mrs. Bayambang 2023

# Mrs. Caparoso ng Zone V, Kinoronahan bilang Mrs. Bayambang 2023




**Napuno ng hiyawan at palakpakan ang buong Balon Bayambang Events Center noong ika-21 ng Marso nang tumindig ang labindalawang nanay para sa kanilang adbokasiya at matapang na nakipagsabayan sa kanilang kapwa kandidata para sa pagkamit ng titulong Mrs. Bayambang 2023.**

Ang patimpalak na ito ay inorganisa nina KALIPI Bayambang at KALIPI Pangasinan President, Mrs. Jocelyn Espejo, MSWD Officer Kimberly Basco, at MSWDO Social Worker Josie Niverba bilang parte ng International Women's Month Celebration ngayong taon.

Si Mrs. Joycey Lacey S. Caparoso ng Brgy. Zone 5 ang itinanghal na Mrs. Bayambang 2023, matapos niyang mapukaw ang mga mata ng hurado. Siya ay nagwagi ng P15,000 cash prize at plaque, at siya rin ang nakasungkit sa titulong Best in Talent at Best in Long Gown.

Ang iba pang mapalad na mga kandidatang nagwagi ay sina Mrs. Elinita Caranto ng Brgy. Banaban bilang 2nd Runner-up (plaque at 7,000 cash prize) at Mrs. Gloria A. Junio ng Brgy. Buenlag 1st bilang 1st Runner-up (plaque at 10,000 cash prize), na itinanghal din bilang Mrs. AILC.

Kabilang sa lupon ng inampalan ay sina SB Office Staff, Ms. Rosbelle N. Magno, ang representante ni Congresswoman Rachel Arenas na si Mrs. Jessica V. Gueco, at PSWDO Social Welfare Officer 3 at GAD & Women Focal Person, Mrs. Evelyn C. Dismaya.

Ang mga minor award ay iniuwi naman nina Mrs. Violeta G. Laxamana ng Bacnono (Mrs. Photogenic), Mrs. Rosalyn D. Villanueva ng Buenlag 2nd (Mrs. Royal Mall), at Mrs. Shara Klaire C. Patayan ng Inirangan (Mrs. Rotary Club Bayambang). Hindi rin umuwing luhaan ang mga non-winners, dahil nakatanggap rin sila ng certificate at consolation prize na P4,000 at grocery packs.

Ang mga cash prizes at consolation prizes na iniuwi ng mga kandidata ay mula sa LGU-Bayambang at dinagdagan pa ni Mayor Niña Jose-Quiambao mula sa sariling bulsa. Ilan din sa mga naging sponsor ay ang Royal Mall (cash prize), Royal Supermarket (grocery packs), Rotary Club of Bayambang (cash prize), Upnext Printing (picture frames), at Vice-Mayor Ian Camille Sabangan (production number T-shirts).

Ang naturang patimpalak ay dinaluhan nina Mayor Niña Jose-Quiambao, Vice-Mayor Sabangan, at Municipal Administrator, Atty. Rodelynn Rajini Sagarino-Vidad, na kapwa nagbigay ng mensahe para sa mga kandidata at sa lahat ng kababaihang Bayambangueña.

May ilang bisita rin ang dumating kabilang na si Miss Hundred Islands Tourism 2023, Ms. Francine Atasha Mesa.

*(mula pahina 1 )*

## Happy 409th Pistay Baley, Bayambang! "Isulong ang Ninanais na Kaunlaran"

**ni Errol John C. Andrade**

Isang buhay na buhay at makulay na street parade na kinabilangan ng karosa ng Patrong San Vicente Ferrer, mga opisyales ng bayan ng Bayambang, Drum and Bugle Corps ng Virgen Milagrosa University Foundation at University of Luzon, mga street dancers mula sa iba't-ibang bayan ng Pangasinan at kalapit probinsiya, mga guro mula sa pampubliko at pribadong paaralan ng Bayambang I at II, mga kawani ng LGU at iba't-ibang ahensiya, at mga naggagandahang kandidata ng Binibining Bayambang 2023.

Dinumog din ng mga manunuod ang lugar nang magpamalas ang bawat grupo ng champion street-dancers ng kanilang mga makatindig-balahibong winning performance sa harap ng munisipyo.

Ang nasabing parada ay agad sinundan ng magkasabay na programa sa PSU-Bayambang Campus grounds at Balon Bayambang Events Center na hudyat ng pormal na pagbubukas ng kapistahan ng bayan.

Nagpa-abot ng pagbati at pasasalamat ang alkalde ng bayan na si Hon. Niña Jose-Quiambao dahil sa nakikita niyang pagkakaisa ng bawat Bayambangueño.

Bago ang nasabing street parade ay nagdaos ng misa ng pasasalamat sa Pavilion I ng Saint Vincent Ferrer Prayer Park kung saan binanggit ni Rev. Fr. Jomar Claveria ang kahalagahan ng pananampalataya sa Panginoon. Ayon sa kanya, "A town without God is miserable."

Ang mainit na sikat ng araw ay hindi inalintana ng bawat isa upang masaksihan at makiisa sa "liket tan gayaga" ng nasabing pagdiriwang.

Ang pagdiriwang ng kapistahan ng bayan ay inorganisa sa pangunguna ng Hermano at Hermana Mayor, Dr. Nicolas Miguel at Dr. Myrna Miguel, Municipal Tourism Office sa ilalim ni Dr. Rafael Saygo, Bayambang Municipal Council for Culture and the Arts sa ilalim ni Executive Director, Prof. Januario Cuchapin.

(Larawan: Romrich Olipas (cover photo); Jayvee Baltazar, LGU-PIO; Xerxesh Gloria, LGU-PIO; Kassandra Clarise O. Cristobal, BNHS; Meil Mary delos Santos, BNHS)

Sports

# 2 Bayambangueño, International Champion Bodybuilders





**Kinilala ng LGU ang mga Bayambangueño na sina Jayson Paningbatan at Jeniellyn Lou Saldo sa kanilang achievements bilang champion bodybuilders sa isang international competition. Nanalo si Paningbatan sa Pro Division ng NPC Worldwide Singapore Regional Showdown sa tatlong kategorya, at nakuha naman ni Saldo ang 3rd Place sa kanyang sinalihang kategorya.**

Pinangunahan ni Mayor Niña Jose-Quiambao ang pagpaparangal sa Balon Bayambang Events Center noong March 20.

# Pinakaunang 'Kamao ng Bayambangueño,' Sumiklab sa Pista'y Baley 2023 ni Aaron Mangsat at Cris Viernes

**Nagpasiklab sa boxing ring ang lagpas 50 na boksingero sa pinakaunang 'Kamao ng Bayambangueño' boxing tournament kasama ang ML Elorde Fitness Center sa Bayambang Events Center noong Marso 30.**

Ito ang pinakaunang palarong boksing sa bayan ng Bayambang na ibinida kasabay ng Pista'y Baley 2023. Mayroong 26 na maaksyong laro ang 'Kamao ng Bayambangueño' at nahahati sa amateur at professional na mga laban.

Ang ML Elorde na mayroong palaro sa iba't-ibang bahagi ng bansa ang naging organizer ng event kasama si Eduardo Sison II ng LGU Tourism Office. Umaasa ang boxing promotions group na magkaroon ng masining na kultura sa larangan ng boksing sa bayan ng Bayambang at mga karatig-bayan.

Pinaluhod ng dating kampeon na si Bienvenido Ligas ang humahamon sa titulo na si Genisis Lebranza sa isang Unanimous Decision (UD) ng apat na hurado. Samantala, hindi naman naging madali ang pagsungkit sa pagkapanalo para kay Roy "The Hammer" Sumugat kontra sa mas nakakatangkad na si Richard Bulacan para sa lightweight division.

Sa kabilang dako, ang mga naghari sa professional division ay sina Jeven Villacete (UD), Ernie Samoyag sa paraan ng Technical Knockout (TKO), Henry Lumanan (UD), John Vincent Lauriaga, at Christian Legare (Draw). Si Roderith Ballesteros ay nanaig naman sa Majority Decision (MD), gayundin sina Harry Omac (MD), Jonathan Francisco (KO), Clarence Breboneria (TKO), Fernando Tagpuno (TKO), Enrique Magsalin (MD), Gary Tamayo (TKO), at Jonniel Laurente (UD).

Binuo naman ang amateur division ng mga manlalarong nagmula sa lokal na barangay at karatig na bayan, at nagwagi sa mga larong ito sina James Carlo Camacho, Alvin Estaquio, Wesley Alcantara, Nerix Dulay, John Andrew Boquiren, Jay-M Domingo, John Michael Soriano, Jemark Resuelo Lopez, Jeremy Culaba, at Rico Nelmida.

Nakatanggap ang mga nagwagi sa amateur division ng tropeo at medalya, at ang mga nangibabaw sa professional division ay nakatanggap ng bagong titulo at kani-kanilang mga gantimpala.

(Larawan ni: Daniel Louise Perez, SVCBI; Xerxesh Gloria, Jayvee M. Baltazar, LGU-PIO)



# Rey Valera, Nagpakilig sa People's Grand Ball & Balikbayan Night; Mayora Niña, Hinarana ni Rouldan C. Manzano



**Engrande at glamorosong People's Grand Ball & Balikbayan Night ang ginanap sa bulwagan ng Bayambang sa huling gabi ng pagdiriwang ng kapistahan ng bayan, Abril 2.**

Ang buong paligid ay napuno ng kulay mula sa mga pailaw at palamuti na lalo pang nagpasigla sa buong lugar, isama pa ang magagarbong kasuotang Filipiniana, barong Tagalog, at iba pang pormal na kasuotan. Nagningning ang bawat bisita at di nagpaawat sa pagsayaw sa saliw ng mga tugtugin na inaawit ng Don Podring Orchestra kasama ang mga mananayaw nito.

Sa kanyang talumpati, nagpaugong sa bulwagan ang katagang binitawan ng Alkalde ng Bayambang, Kgg. Niña Jose-Quiambao na, "Kung mahal mo, babalikan mo."

Sa programa, muling rumampa ang mga naggagandahang Bb. Bayambang na nagwagi sa nakaraang patimpalak sa pangunguna ni Bb. Bayambang 2023 Sandra de Luna.

Kasunod nito ay ang pinakahihintay na bahagi ng palatuntunan: ang paghahandog ng isang beterano at tanyag na mang-aawit na si Rey Valera ng kanyang mga kantang sumikat noong dekada '80 at '90, kung saan binigyan niya ng pagkakataon na makidueto sa kanya ang mahal na alkalde at bise-alkalde ng mga all-time favorite na awiting "Pangako Sa 'Yo" at "Maging Sino Ka Man."

Matapos ang kantahan, binigyang-pugay at pagkilala ang mga balikbayang Bayambangueño na nagbigay ng karangalan sa bayan bilang mga makabagong bayani at hinandugan sila ng munting regalo mula sa lokal na pamahalaan.

Samantala, nagpamalas ng galing sa pagsayaw ang Matalunggaring Dance Troupe sa pamamagitan ng isang kultural at tradisyunal na sayaw, habang isang modernong sayaw naman ang hatid ng Pangasinan D.I. Association para sa isang natatanging pagtatanghal. Naghatid din ng performans ang mga batikang mang-aawit ng Bayambang Municipal Council for Culture and the Arts Chorale.

Itinanghal na Star of the Night si Remedios Padua at pinakamahusay na mananayaw sina Wilson Tandigan at Yolanda Reyes, at napunta naman ang titulong G. at Gng. Balikbayan 2023 kina G. Virgilio Garcia at Gng. Lany Payomo.

Isang makulay, maingay, at engrandeng fireworks display kasabay ng masasayang awitin at tugtugin galing sa Don Podring Orchestra ang nagtapos sa isa na namang grandiyoso at maringal na programa na inorganisa ng team ni Sangguniang Bayan Secretary Joel V. Camacho.

Natapos man ang isang linggong kapistahan, hudyat naman ito ng bagong simula para sa panibagong yugto ng pakikibaka, pag-usbong ng pag-asa, at pagkakaisa para sa mas maunlad na Balon Bayambang.

(Larawan: Albert Jay Patungan, BNHS; Xerxesh Gloria, LGU-PIO)


**BAYAMBANG**
**EMERGENCY HOTLINE**
**Globe & TM 633-2977**
**Smart/Sun/Talk&Text #4357**






**Balon Bayambang**

**The official newsletter of the Municipality of Bayambang**

This is published, printed and distributed every month to give updated news and current events for the people of Bayambang.
**This newsletter is not for sale.**



**Bayambang Public Information & Media Affairs Office**
**Balon Bayambang Newsletter**
**Editorial Board:**

Dr. Leticia B. Ursua (Executive Editor)
Resty S. Odon (Editor)
Patricia M. Espino (Managing Editor)
Vernaliza M. Ferrer
Sheina Mae U. Gravidez
Diadema I. Martinez
Ara Joyce S. Bato
Sharlene Joy U. Gravidez
Ray Hope O. Bancolita
(Reporters)
Jojo Casanova
( Graphic Designer/Layout )
Jayvee M. Baltazar
(Photographer/Sportswriter)
Eduardo P. Sison II
(Circulation Manager)
Xerxesh Gloria
(Staff Assistant)
Atty. Rodelynn Rajini Sagarino-Vidad
(Consultant)
Dr. Rafael L. Saygo
(Head, Municipal Tourism, Information, & Cultural Affairs Office)
(Consultant)